# *Bantay Yugto 8 Ang Ministeryo ni Levi*

***"8 At tungkol sa Levi ay kaniyang sinabi, Ang iyong Thummim at ang iyong Urim ay sumaiyong banal, Na siyang iyong sinubok sa Massa, Na siya mong kinatunggali sa tubig ng Meriba; 9 Na siyang nagsabi tungkol sa kaniyang ama, at tungkol sa kaniyang ina, Hindi ko siya nakita; Ni kinilala niya ang kaniyang mga kapatid, Ni kinilala niya ang kaniyang sariling mga anak; Sapagka't kanilang sinunod ang iyong salita, At ginaganap ang iyong tipan. 10 Sila'y magtuturo sa Jacob ng iyong mga kahatulan, At ng iyong mga kautusan, sa Israel; Sila'y maglalagay ng kamangyan sa harap mo, At ng buong handog na susunugin sa ibabaw ng iyong dambana. 11 Basbasan mo, Panginoon, ang kaniyang tinatangkilik, At tanggapin mo ang gawa ng kaniyang mga kamay; Saktan mo ang mga balakang niyaong nagsisibangon laban sa kaniya, At niyaong nangapopoot sa kaniya, upang sila'y huwag bumangon uli." (Deutronomio 33:8-11 KJV)***

Ang Levita ay ang angkan ng mga Ismaelita na pinili ng Dios upang maging Kanyang mga saserdote upang turuan ang Kanyang bayan nh Kanyang mga daan at maglingkod sa kanya sa tolda ng kapulungan. Sila'y mga maggagawa at tagapagbantay na nangangalaga at nagsasagawa ng lahat ng mga tungkulin sa sangtuwaryo. Tinawag sila ng Dios at itinalaga sa kanila ang tumpak na mga tungkulin at pananagutan na may pananagutang gawin sa tabernakulo ng Dios gaya ng mababasa natin dito:

***"1 At sinabi ng Panginoon kay Aaron, Ikaw at ang iyong mga anak at ang sangbahayan ng iyong mga magulang na kasama mo ay magtataglay ng kasamaan ng santuario: at ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo ay magtataglay ng kasamaan ng inyong pagkasaserdote.. 2 At ang iyong mga kapatid naman, ang lipi ni Levi, ang lipi ng iyong ama, ay palalapitin mo sa iyo upang sila'y lumakip sa iyo at mangasiwa sa iyo: nguni't ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo, ay lalagay sa harap ng tabernakulo ng patotoo. 3 At kanilang iingatan ang iyong katungkulan, at ang katungkulan ng buong tolda: huwag lamang silang lalapit sa mga kasangkapan ng santuario ni sa dambana, upang huwag silang mamatay, ni maging kayo. 4At sila'y lalakip sa iyo, at mag-iingat ng katungkulan sa tabernakulo ng kapisanan, sa buong paglilingkod sa tolda: at sinomang taga ibang lupa ay huwag lalapit sa inyo. 5 At inyong iingatan ang katungkulan ng santuario, at ang katungkulan ng dambana; upang huwag nang magkaroon pa ng kagalitan sa mga anak ni Israel. 6 At ako, narito, aking pinili ang inyong mga kapatid na mga Levita sa gitna ng mga anak ni Israel: sa inyo sila ay isang kaloob, na bigay sa Panginoon, upang gawin ang paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan. 7 At iingatan mo at ng iyong mga anak na kasama mo at ang inyong pagkasaserdote sa bawa't bagay ng dambana; at doon sa nasa loob ng tabing; at kayo'y maglilingkod: aking ibinibigay sa inyo ang pagkasaserdote na parang isang paglilingkod na kaloob: at ang taga ibang lupa na lumapit ay papatayin." (Mga Bilang 18:1-7 KJV)***

Sinabi ng Dios kay Moises na sabihin sa mga Ismaelita ang sumusunod: ***"5 Kaya't ngayon, kung tunay na inyong susundin ang aking tinig, at iingatan ang aking tipan, ay magiging isang tanging kayamanan nga kayo sa akin, na higit sa lahat ng bayan: sapagka't ang buong lupa ay akin; 6 At kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote sa akin, at isang banal na bansa. Ito ang mga salita na inyong sasalitaan sa mga anak ni Israel. 7At dumating si Moises at tinawag ang mga matanda sa bayan, at ipinahayag sa harap nila ang lahat ng salitang ito na iniutos ng Panginoon sa kaniya. 8 At ang buong bayan ay sumagot na magkakaisa, at nagsabi, Yaong lahat na sinalita ng Panginoon ay aming gagawin. At ipinagbigay alam ni Moises ang mga salita ng bayan sa Panginoon." (Exodu 19:5-8 KJV)*** Mula sa iniutos ng Dios kay Moises mauunawaan natin na ang buong Ismaelita ay tinawag upang mapasa kaharian ng mga saserdote, at isang banal na bansa, at sila'y tumugon sa pagsasalita sa pagtawag ng Dios at pagsang ayon. Ang katulad sa atin ngayon, tayo na kay Cristo tayo'y maharlikang saserdote at isang bayan ng Dios, ***"9 Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (1 Pedro 2:9 KJV)***

Tunay na hinirang ng Dios si Aaron atang kanyang mga anak upang maging mga saserdote gaya ng mababasa natin dito mula sa iniutos NIya kay Moises, ***"1 Ito nga ang mga pangalan ng mga anak ni Israel, na nagsipasok sa Egipto: (bawa't lalake at ang kani-kaniyang sangbahayan ay sumama kay Jacob.) 2 Si Ruben, si Simeon, si Levi, at si Juda;" (Exodu 28:1-2 KJV)*** Posibleng hinirang ng Dios si Aaron at ang kanyang mga anak bilang mga saserdote dahil si Aaron ay tumayo sa pagtawag ng Dios nang inilalayan niya si Moises at ang kanyang misyon kay Faraon ang Hari ng Egipto, Ngunit sinubok din ng Panginoon ang mga Levita bago patunayan Niya sa kanila ang kanilang paglilingkos at ministeryo. Tinawag sila ng Panginoon at hnirang Niya sila na maglingkod at maging mga

saserdote na gagabay sa esperituwal sa bayan Niya kaakibat ng mga Tumim at urim sa paggawa ng pasya, Tumayo ang mga Levita sa pagsusuri at pinatunyan ang kanilang katapatan sa Dios sa sumusunod na mga pangyayari:-

***1. Sinubukan ang mga Levita sa okasyon ng Massah na nangangahulugang pagtukso at sa mga tubig ng Meribah na nangangahulugang alitan o pagtatalo: "8 At tungkol sa Levi ay kaniyang sinabi, Ang iyong Thummim at ang iyong Urim ay sumaiyong banal, Na siyang iyong sinubok sa Massa, Na siya mong kinatunggali sa tubig ng Meriba;" (Deutronomio 33:8 KJV)*** Ito ang lugar kung saan ang mga Ismaelita ay sinubok ng Panginoon, nakipag away kay Moises, at tinanong siya sa pagpapadala ng tubig sa kanila upang inumin: ***"1 At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay naglakbay mula sa ilang ng Sin, sa kanilang paglalakbay ayon sa utos ng Panginoon, at humantong sa Rephidim: at walang tubig na mainom ang bayan. 2 Kaya't ang bayan ay nakipagtalo kay Moises, at nagsabi, Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom. At sinabi ni Moises sa kanila, Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? bakit ninyo tinutukso ang Panginoon? 3At ang bayan ay nauhaw at inupasala ng bayan si Moises, at sinabi, Bakit mo kami isinampa rito mula sa Egipto, upang patayin mo kami sa uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming kawan? 4At si Moises ay dumaing sa Panginoon, na nagsasabi, Anong aking gagawin sa bayang ito? kulang na lamang batuhin nila ako. 5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Dumaan ka sa harap ng bayan, at ipagsama mo ang mga matanda sa Israel; at ang iyong tungkod na iyong ipinalo sa ilog, ay tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka. 6 Narito, ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom. At gayon ginawa ni Moises sa paningin ng mga matanda sa Israel. 7 At tinawag nila ang pangalan ng dakong yaon, na Massah at Meribah, dahil sa pakikipagtalo ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang tinukso ang Panginoon, na kanilang sinasabi, Ang Panginoon ba'y nasa gitna natin o wala?" (Exodus 17:1-7 KJV)*** Sa wakas hinayaan ng Panginoon si Moises na magpalabas ng tubig sa kanila mula sa Bato, At maaring ang mga Levita ay nakatayo kasama ni Moises at inilalayan siya sa kanyang pagtayo sa Panginoon. Ang tunay na mga mangagawa at ang Maharlikang mga saserdote ng Dios ay hindi nakikipag away at susubukin ang Panginoon at tatanungin ang Kanyang presensya sa kanilang kalagitnaan, ngunit sa pananampalataya maninindagan kasama ng Dios, susunod sa Kanyang Salita at gawin ang Kanyang kalooban.

***2. Sinubok ang mga Levita tungkol sa ginintuang guya. :*** Ating basahin ang pangyayaring ito sa Bibliya: ***"1 At nang makita ng bayan na nagluluwat si Moises ng pagpanaog sa bundok, ay nagpipisan ang bayan kay Aaron, at nagsabi sa kaniya, Tumindig ka at igawa mo kami ng mga dios na mangunguna sa amin; sapagka't tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto, ay hindi namin maalaman kung anong nangyari sa kaniya. 2 At sinabi ni Aaron sa kanila, Alisin ninyo ang mga hikaw na ginto, na nasa tainga ng inyo-inyong asawa, ng inyong mga anak na lalake, at babae, at dalhin ninyo sa akin. 3 At inalis ng buong bayan ang mga hikaw na ginto na nangasa kanilang mga tainga, at dinala kay Aaron. 4 At kaniyang tinanggap sa kanilang kamay, at niyari sa pamamagitan ng isang buril, at ginawang isang guyang binubo, at kanilang sinabi, Ang mga ito ang maging iyong mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto. 5 At nang makita ito ni Aaron, ay nagtayo siya ng isang dambana sa harapan niyaon: at itinanyag ni Aaron at sinabi, Bukas ay pista sa Panginoon. 6 At sila'y bumangong maaga nang kinabukasan, at naghandog ng mga handog na susunugin, at nagdala ng mga handog tungkol sa kapayapaan; at ang bayan ay umupong kumain at uminom, at tumindig upang magkatuwa. 7 At sinalita ng Panginoon kay Moises, Yumaon ka, bumaba ka, sapagka't ang iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng Egipto ay nangagsisama: 8 Sila'y humiwalay na madali sa daan na aking iniutos sa kanila: sila'y gumawa ng isang guyang binubo, at kanilang sinamba, at kanilang hinainan, at kanilang sinabi, Ang mga ito'y iyong maging mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto. 9 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Aking nakita ang bayang ito, at, narito, isang bayang may matigas na ulo: 10 Ngayo'y bayaan mo nga ako upang ang aking pagiinit ay magalab laban sa kanila, at upang aking lipulin sila: at ikaw ay aking gagawing dakilang bansa. 11 At dumalangin si Moises sa Panginoon niyang Dios, at sinabi, Panginoon, bakit ang iyong pagiinit ay pinapagaalab mo laban sa iyong bayan, na iyong inilabas sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay? 12 Bakit sasalitain ng mga Egipcio, na sasabihin, Dahil sa kasamaan, inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok, at upang lipulin sila sa balat ng lupa? Iurong mo ang iyong mabangis na pagiinit, at pagsisihan mo ang kasamaang ito laban sa iyong bayan. 13 Alalahanin mo si Abraham, si Isaac, at si Israel na iyong mga lingkod, na silang iyong mga sinumpaan sa iyong sarili, at mga pinagsabihan, Aking pararamihin ang inyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at lahat ng lupaing ito na aking sinalita ay aking ibibigay sa inyong binhi, at kanilang mamanahin magpakailan man. 14 At pinagsisihan ng Panginoon ang kasamaan na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kaniyang bayan, 15 At si Moises ay pumihit, at bumaba sa bundok, na dala ang dalawang tapyas ng patotoo sa kaniyang kamay; mga tapyas na may sulat sa dalawang mukha niyaon; sa isang mukha at***

***sa kabilang mukha ay may sulat. 16 At ang mga tapyas ay gawa ng Dios, at ang sulat ay sulat ng Dios, na nakaukit sa mga tapyas. 17 At ng marinig ni Josue ang ingay ng bayan na humihiyaw, ay sinabi kay Moises, May ingay ng pagbabaka sa kampamento. 18 At kaniyang sinabi, Hindi ingay ng pagtatagumpay, o ingay man ng pagkatalo, kundi ingay ng mga umaawit ang aking naririnig. 19 At nangyari paglapit niya sa kampamento, na kaniyang nakita ang guya at ang sayawan; at ang galit ni Moises ay naginit at kaniyang inihagis ang mga tapyas na nasa kaniyang mga kamay at nangasira sa paanan ng bundok. 20 At kaniyang kinuha ang guya na kanilang ginawa, at sinunog ng apoy, at giniling hanggang sa naging alabok, at isinaboy sa ibabaw ng tubig, at ipinainom sa mga anak ni Israel. 21 At sinabi ni Moises kay Aaron, Anong ginawa ng bayang ito sa iyo, na dinalhan mo sila ng isang malaking sala? 22 At sinabi ni Aaron, Huwag maginit ang galit ng aking panginoon: iyong kilala ang bayan, na sila'y mahilig sa kasamaan. 23 Sapagka't kanilang sinabi sa akin, Igawa mo kami ng mga dios na mangunguna sa amin: sapagka't tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto ay hindi namin maalaman kung anong nangyari sa kaniya. 24 At aking sinabi sa kanila, Sinomang may ginto, ay magalis; na anopa't kanilang ibinigay sa akin: at aking inihagis sa apoy at lumabas ang guyang ito. 25 At nang makita ni Moises na ang bayan ay nakakawala; sapagka't pinabayaan ni Aarong makawala ng maging isang kabiruan sa gitna ng kanilang mga kaaway: 26 Ay tumayo nga si Moises sa pintuang-daan ng kampamento, at nagsabi, Sinomang sa Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin. At lahat ng mga anak ni Levi ay nagpipisan sa kaniya. 27 At sinabi niya sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel: Ipatong ng bawa't lalake ang kaniyang tabak sa kaniyang hita, at yumaon kayong paroo't parito sa mga pintuang-daan, sa buong kampamento, at patayin ng bawa't lalake ang kaniyang kapatid na lalake, at ng bawa't lalake ang kaniyang kasama, at ng bawa't lalake ang kaniyang kapuwa. 28 At ginawa ng mga anak ni Levi ang ayon sa salita ni Moises: at nabuwal sa bayan ng araw na yaon, ang may tatlong libong katao. 29 At sinabi ni Moises, Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa Panginoon, oo, bawa't lalake laban sa kaniyang anak na lalake, at laban sa kaniyang kapatid na lalake, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala sa araw na ito. 30 At nangyari ng kinabukasan, na sinabi ni Moises sa bayan, Kayo'y nagkasala ng malaking kasalanan: at ngayo'y sasampahin ko ang Panginoon; marahil ay aking matutubos ang inyong kasalanan. 31 At bumalik si Moises sa Panginoon, at nagsabi, Oh, ang bayang ito'y nagkasala ng malaking kasalanan, at gumawa sila ng mga dios na ginto. 32 Gayon ma'y ngayon, kung iyong ipatatawad ang kanilang kasalanan; at kung hindi, ay alisin mo ako, isinasamo ko sa iyo, sa iyong aklat na sinulat mo. 33 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ang magkasala laban sa akin ay siya kong aalisin sa aking aklat. 34 At ngayo'y yumaon ka, iyong patnubayan ang bayan sa dakong aking sinalita sa iyo: narito, ang aking anghel ay magpapauna sa iyo: gayon ma'y sa araw na aking dalawin sila ay aking dadalawin ang kanilang kasalanang ipinagkasala nila. 35 At sinaktan nga ng Panginoon ang bayan, sapagka't kanilang ginawa ang guya na ginawa ni Aaron." (Exodus 32:1-35 KJV)*** Nang hinamon ni Moises nag buong Israelita kung kanino ang sa Panginoon ay lumapit sa kanya, tanging ang mga Levita ang tumugon sa tawag ng Dios: ***"25 At nang makita ni Moises na ang bayan ay nakakawala; sapagka't pinabayaan ni Aarong makawala ng maging isang kabiruan sa gitna ng kanilang mga kaaway: 26 Ay tumayo nga si Moises sa pintuang-daan ng kampamento, at nagsabi, Sinomang sa Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin. At lahat ng mga anak ni Levi ay nagpipisan sa kaniya." (Exodu 32:25-26 KJV)*** At tunay na isinakatuparan ng mga Levita ang utos ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Moises: ***"27 At sinabi niya sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel: Ipatong ng bawa't lalake ang kaniyang tabak sa kaniyang hita, at yumaon kayong paroo't parito sa mga pintuang-daan, sa buong kampamento, at patayin ng bawa't lalake ang kaniyang kapatid na lalake, at ng bawa't lalake ang kaniyang kasama, at ng bawa't lalake ang kaniyang kapuwa. 28 At ginawa ng mga anak ni Levi ang ayon sa salita ni Moises: at nabuwal sa bayan ng araw na yaon, ang may tatlong libong katao." (Exodus 33:27-28 KJV)*** Tunay nilang ipinakita na walang paggalang sa ugnayang pamilya kapag dumating sa Salita at mg autos ng Dios tulad ng nabanggit, ***"9 Na siyang nagsabi tungkol sa kaniyang ama, at tungkol sa kaniyang ina, Hindi ko siya nakita; Ni kinilala niya ang kaniyang mga kapatid, Ni kinilala niya ang kaniyang sariling mga anak; Sapagka't kanilang sinunod ang iyong salita, At ginaganap ang iyong tipan." (Deutronomio 33:9 KJV)*** Sa kanilang ginawa, Ang pagtawag ng Dios sa kanila ay pinagtibay bilang mga Levita, ***"29 At sinabi ni Moises, Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa Panginoon, oo, bawa't lalake laban sa kaniyang anak na lalake, at laban sa kaniyang kapatid na lalake, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala sa araw na ito." (Exodus 33:29 KJV)*** Sa lahat ng ating mga npagkasunduan at ministeryo, dapat ang Dios ang mauuna at hindi ang mga tao, ni ang aming pamilya, at ni ang aming mga kamag-anak at kaibigan. Sinabi ni Jesus, ***"37 Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:37 KJV)***

Kumilos si Jesus ng katulad gaya ng ng mababasa natin dito: ***“46 Samantalang siya'y nagsasalita pa sa mga karamihan, narito, ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid ay nangakatayo sa labas, at ibig nilang siya'y makausap. 47 At may nagsabi sa kaniya, Narito, ang iyong ina at ang iyong mga kapatid ay nangakatayo sa labas, na ibig nilang makausap ka. 48 Nguni't siya'y sumagot at sinabi sa nagsabi sa kaniya, Sino ang aking ina? at sino-sino ang aking mga kapatid? 49 At iniunat niya ang kaniyang kamay sa kaniyang mga alagad, at sinabi, Narito, ang aking ina at ang aking mga kapatid! 50 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na lalake at aking kapatid na babae, at ina.” (Mateo 12:46-50 KJV)***

***3. Ang Tipan ng pagkasaserdote ay pinagtibay kay Phinees dahil sa ginawa niya: “10 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi. 11 Pinawi ni Phinees na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap. 12 Kaya't sabihin mo, Narito, ako'y nakikipagtipan sa kaniya tungkol sa kapayapaan: 13 At magiging kaniya, at sa kaniyang binhi pagkamatay niya, ang tipan ng pagkasaserdoteng walang hanggan; sapagka't siya'y nagsikap sa kaniyang Dios, at tumubos sa mga anak ni Israel.” (Mga Bilang 25:10-13 KJV)*** Ang Dios ay nasiyahan kay Phinees at pinagtibay ang Kanyang tipan sa kanya at sa Kanyang inapo dahil si Phinees ay nanindigang matatag para sa PANGINOON nang lalaking Ismaelita at ang Medianitang babae na dinala niya sa kanyang tolda at nangalunya sa kanya gaya ng mababasa natin dito: ***“6 At, narito, isa sa mga anak ni Israel ay naparoon at nagdala sa kaniyang mga kapatid ng isang babaing Madianita sa paningin ni Moises, at sa paningin ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel, samantalang sila'y umiiyak sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 7 At nang makita ni Phinees, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ay tumindig siya sa gitna ng kapisanan, at humawak ng isang sibat sa kaniyang kamay: 8 At siya'y naparoon sa likod ng lalaking Israelita sa loob ng tolda, at kapuwa niya sinaksak, ang lalaking Israelita at ang babae sa kaniyang tiyan. Sa gayon ang salot ay natigil sa mga anak ni Israel.” (Mga Bilang 25:6-8 KJV)*** Siya ay napakadakilang bantay nang nakita niya ang kasalanan kumilos siya agad at maayos na hinarap ang mga gumawa nito. * Ang katulad para sa iyo ngayon, kung maninindigan kang matatag sa PANGINOON at sa panig Niya at hindi sa mga tao, patutunayan ng Panginoon ang Kanyang tipan ng kapayapaan sa iyo at sa iyong mga anak at sa mga alagad, at mabubuhay kang may isang mapayapang buhay dahil pinatunayan mo ang iyong katapatan sa PANGINOON. Tayo rin bilang mga saserdoteng tinawag upang sawayin at disiplinahin ang mga nasa katawan ni Cristo kung sino man sila, na namumuhay sa kasalanan gaya ng gumagawa ng imoralidad, pagnanakaw, hindi pagbibigay ikapu, pagsisinungaling, pandaraya, atbp. * Magiging mabuti ka at ang PANGINOON ay sasa iyo kung maninindigan ka nang matatag sa Kanya; ang mga biyaya ng Dios ay dadaloy sa iyo at sa mga tao na nasa iyong pangangalaga.Ikaw na tinawag ng Dios na hindi kailanman maninindigan sa mga tao kundi kay Dios, at habang sinusuong mo ang pagsubok at nakakapasa, matatanggap mo ang sumusunod mula sa Panginoon:Magiging mabuti ka at ang PANGINOON ay sasaiyo kung maninindigan ka nang matatag sa Kanya; ang mga biyaya ng Dios ay dadaloy sa iyo at sa mga taong nasa pangangalaga mo.

Ikaw na tinawag ng Dios na hindi kailanman maninindigan sa mga tao kundi sa Dios, at habang sinusuong mo ang pagsubok at nakakapasa, matatanggap mo ang sumusunod mula sa Panginoon:

***A. Matatanggap mi ang Kapangyariahan upang pangunahan ang iba sa kalooban ng Dios: “8 At tungkol sa Levi ay kaniyang sinabi, Ang iyong Thummim at ang iyong Urim ay sumaiyong banal, Na siyang iyong sinubok sa Massa, Na siya mong kinatunggali sa tubig ng Meriba;” (Deutronomio 33:8 KJV)*** Bibigyan ka ng Dios ng karunungan at ng kapangyarihan upang gabayan ang iba at tulungan silang kunin at makitang malinaw ang kalooban ng Dios at upang gumawa ng matalino at tamang pagpapasya.

***B. Matatanggap mo ang lingap ng Dios: “47 Na nangagpupuri sa Dios, at nangagtatamo ng paglingap ng buong bayan. At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas.” (Mga Gawa 2:47 KJV)***

***C. Magkakaroon ka ng mabuting patotoo:*** Ito ay ipagkakatiwala sa iyo kung ano ang iyong ginawa na mabuti sa Dios at kung paano mo Siya tapat na pinaglingkuran at hindi mo kinilala ang iyong mga malapit na kamag-anak at kaanu-an kapag sila’y hindi sumunod sa Dios. ***“na siya mong kinatunggali sa tubig ng Meriba. 9 Na siyang nagsabi tungkol sa kaniyang ama, at tungkol sa kaniyang ina, Hindi ko siya nakita; Ni kinilala niya ang kaniyang mga kapatid, Ni kinilala niya ang kaniyang sariling mga anak; Sapagka't kanilang sinunod ang iyong salita, At ginaganap ang iyong tipan.” (Deutronomio 33:8-9 KJV)***

***D. Matatanggap mo ang kapangyarihan upag ituro ang Salita ng Dios: "10 Sila'y magtuturo sa Jacob ng iyong mga kahatulan, At ng iyong mga kautusan, sa Israel; Sila'y maglalagay ng kamangyan sa harap mo, At ng buong handog na susunugin sa ibabaw ng iyong dambana." (Deutronomio 33:10 KJV)*** Bilang isang tunay na tao na may malinis na motibo sa Dios at sa Kanyang Salita, aaprobahan ka ng Panginoon bilang isang guro para sa Kanyang Salita.

***E. Ikaw ay magkakaroon ng kapangyarihan at aprobal na maglingkod sa Dios: "Sila'y maglalagay ng kamangyan sa harap mo, At ng buong handog na susunugin sa ibabaw ng iyong dambana." (Deutronomio 33:10 KJV)*** Ang iyong dangal at ang panindigan sa Dios ay gagawa ng daan para sa iyong na pahintulan bilang lingkod ng Dios, at ang iyong mga panalangin ay sasagutin ng Dios,

***F. Ang Panginoon ay masisiyahan sa iyong gawain at ministeryo: "Basbasan mo, Panginoon, ang kaniyang tinatangkilik, At tanggapin mo ang gawa ng kaniyang mga kamay*;*" (Detronomio 33:11 KJV)*** Babasbasan ng Panginoon ang iyong ministeryo at pagniningningin sa harap ng mga tao. Gagamitin Niya ang iyong ministeryo bilang kasangkapan na magdadal ng Liwanag ng Dios sa buhay ng ibang mga tao upang mapalaoit sa Dios at gabayan ang iba sa Kanyang mga landas.

***G. Gagapiin at haharapin ng Panginoon ang iyong mga kaaway: "Saktan mo ang mga balakang niyaong nagsisibangon laban sa kaniya, At niyaong nangapopoot sa kaniya, upang sila'y huwag bumangon uli." (Detronomio 33:11 KJV)*** Walang sinuman kayang makatayo sa iyo habang ikaw ay nakatayo kasama ng Dios

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang bunga ng iyong buhay at ng iyong ministeryo ay nakaagapay sa iyong pangako sa Dios at kung paano ka manindigang matatag sa Kanya, binabantayan na matutupad ang Kanyang Salita, at ang iyong pagtitiyaga na ingatang mabuti ang iyong tipan sa Dios. Danalangin ko para sa iyo na ang iyong mga mata ay mabuksan at maunawaan ang lahat ng mga katotohanang ito at ilagay ang mga ito sa praktikal at makipagtulungan sa Dios upang panatilihing buhay ang Kanyang Salita sa iyong ministeryo, at ipatupad ang Kanyang Salita sa buhay ng mga tao na inilagay ng Dios sa iyong pangangalaga. Manalangin tayo...

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan, Panginoon salamat sa iyong Salita na nagturo sa akin kung paano ikilos ang sarili bilang isang manggagawa na manindigan kasama mo at ang mga ministeryo na gawin ang iyong gawa at iyong kalooban. Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng pagtuturo, pagtutuwid, pagsaway at pagpapayo na tinanggap namin mula sa iyo.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Ipagtapat at talikdan ang pakikipagkompromiso sa iyong mga kaibigan at sa iyng malapita na kaugnayan at kamag anak. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagkatakot sa mga tao at ang iyong kawalang takot sa Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikisama s amga di mananampalataya at sa Media. Ipagtapat at talidana ng iyong kakulangang magbasa ng Bibliya at kakulang manalangin. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduahna at ang iyong pagibig sa materyal na mga bagay. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa sumusunod na mga kasalanan ____________________________________________.*

*Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita at sa paggawa ng iyong kalooban at kailanma'y hindi makikipagkompromiso sa mga tao patungkol sa iyong Salita at mg autos. Panginoon tulungan ako at bigyan ako ng kalakasan na manindigang matatag at magtiyaga upang panatilihin ang aking tipan sa iyo at magdala na nais mong makita sa aking buhay, sa aking ministeryo, at sa buhay ng mga taong nasa ilalim ng aking pangangalaga, Ito aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilanga mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na sundin ang iyong Salita at s autos na tinaggap namin sa mensaheng ito. Panginoon gamitin ang kanilang buhay na magdala ng bunga na nais mong makita sa buhay ng iyong simbahan.*

*Panginoon pagpalain kami, protektahan kami at bigyan kami ng kalakasan na patuloy na panindigang matatag at paglingkuran ka upang tuparin ang iyong Salita at isakatuparan ang iyong mga utos sa buhay ng kani-kanilang pamilya, ministeryo at sa iyong simbahan. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan sa gayo'y*

*makapagpatuloy silang yumaon at gawin ang iyong kalooban. Pangioon gantimpalaan sila at gawin ang kanilang buhay na mabuting mga patotoo sa iba upang paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan, at tulungan kami na patuloy na manindigang matatag sa iyong Salita at ipatupad ang iyong mga utos at tuparin ang iyong kalooban. Panginoon magtatag ng maraming matatapat na manggagawa na magbabantay at kikilos kasama namin para sa iyong Salita at ang iyong kalooban ay matupad. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kaialangan naming yumaon at paglingkuran ka; na magevangelio, gumawa ng mga alagad, magsanay ng mga mangagawa at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming taong mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Dios
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Dios, United Arab Emirates.

Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa:www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.
Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.
Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, ng iyong unang bunga at iba'tibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pananalapi, malaya kayo makipag-ugnayan sa akin sa whatsapp na numero: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com